# NOBENA KAY SANTA MONICA
Patron ng mga Kristyanong Ina



## PANG-ARAW ARAW NA PANALANGIN

*Mapitagang Ina ng dakilang Agustin, pinagsumikapan mong baguhin ang nawawalay mong anak, hindi ng pananakot kundi ng pananalanging puno ng luha. Mamagitan ka para sa lahat ng mga ina ng aming panahon upang maakay nila ang kanilang mga anak sa Diyos. Turuan mo po sila kung paanong manatiling malapit sa kanilang mga anak, maging ang mga anak na nawalay na ng landas. Minamahal naming Santa Monica, ina at asawang uliran, maraming pighati ang tumarak sa iyong puso sa tanang iyong buhay. Subalit hindi ka nawalan ng loob at pananampalataya. Nanalangin ka nang may katatagan, pagtitiyaga at malalim na pananampalataya para sa pagbabago ni Patricio ang iyong minamahal na asawa, at ni Agustin ang minamahal mong anak. Bigyan mo kami ng iyong katatagan, pasensya, at pagtitiwala sa Panginoon. Mamagitan ka para sa amin, minamahal naming Santa Monica upang pakinggan ng Diyos ang aming mga panalangin para kay/sa*
*[banggitin ang hiling dito],*
*at ipagkaloob sa amin na tanggapin ang Kanyang kalooban sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ni Hesukristong Panginoon namin, kaisa ng Espiritu Santo, isang Diyos magpasawalang hanggan. Amen*

(3) Aba, Ginoong Maria
(3) Luwalhati

Santa Monica, Ipanalangin mo kami!

---

**Unang Araw**

*Alalahanin mo minamahal na Santa Monica, ang ligayang bumaha sa iyong puso noong ibigay ni Agustin, ang anak ng iyong mga panalangin at luha, ang kanyang buhay sa Panginoon. Idulog mo po sa harap ng Diyos ang aming mga panalangin. Kamtin para sa amin, kung ito ay kalooban ng Diyos, ang mga biyayang aming hinihiling sa pamamagitan mo upang aming maranasan ang kasiyahan na ang aming mga dasal ay Kanyang tinugon Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

SANTA MONICA DE TONDO

## Ikalawang Araw

*Alalahanin mo minamahal na Santa Monica, ang ligayang bumaha sa iyong puso noong ibigay ni Agustin, ang anak ng iyong mga panalangin at luha, ang kanyang buhay sa Panginoon. Idulog mo po sa harap ng Diyos ang aming mga panalangin. Kamtin para sa amin, kung ito ay kalooban ng Diyos, ang mga biyayang aming hinihiling sa pamamagitan mo upang aming maranasan ang kasiyahan na ang aming mga dasal ay Kanyang tinugon Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

## Ikatlong Araw

*O maluwalhating Santa Monica, pagkatapos ng buong buhay ng mga panalanging puno ng luha, pag-aayuno at sakripisyo, pinagkalooban ka sa wakas ng kasiyahang masaksihan ang pagbabalik loob ng _iyong asawa't anak. Nang ang iyong anak na si Agustin ay nagbalik sa Pananampalataya, sinabi mo, "Ipinagkaloob ito sa akin ng Diyos nang higit pa sa aking kahilingan. Ano pa ang ginagawa ko dito sa mundo?" Ilang araw ang lumipas pumanaw kang maligaya at mapayapa sa Diyos. Ipagkaloob mo sa amin ang ganyang kapayapaan, pananampalataya at pagtanggap sa kalooban ng Diyos upang mamuhay kaming mapayapa sa lahat ng araw ng aming buhay, at yumao kaming maligaya sa makalangit na tahanan, panatag na alam naming kami ay may kaligtasang walang-hanggan. Amen*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

## Ikaapat na Araw

*O maluwalhating Santa Monica, nakikita mo sa mundo namin ngayon ang mga ina at mga babaeng asawa na labis ang paghihirap dahil sa kanilang mga asawa't anak. Nadarama mo ang kanilang nararamdaman sapagka't dumaan ka din sa nasabing mga paghihirap. Subalit nagawa mong lagpasan ang mga ito sapagkat nanampalataya ka na ang masuliranin mong asawa't anak ay mga hamong bigay ng Diyos. Nahirapan ka at nanalangin ka nang walang maliw para sa kanila. Binago ng Diyos ang puso ng iyong asawa't anak. Ipagkaloob mo po sa amin ang ganyang pagsisikap at Pananampalataya upang kami man ay pakinggan ng Diyos. Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

SANTA MONICA DE TONDO

**Ikalimang Araw**

*O maluwalhating Santa Monica, idinudulog namin sa iyo ang mga ina na nangingibang bayan upang humanap ng masaganang buhay para sa kanilang pamilya. Sa kanilang pagtulog na laging inaalaala ang kanilang mga asawa't anak, nangangarap silang makapiling ang kanilang mga mahal sa buhay. Subalit kailangan nilang magsikap para sa magandang kinabukasan ng kanilang mga anak. Dalangin namin na iyong ingatan ang mga kababaihang ito at upang magsikap sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Dalangin namin ang ugnayan nila sa isa't isa upang ang paghihiwalay na tinitiis nila ngayon ay huwag maging sagabal sa isang masayang pamilya. Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

**Ikaanim na Araw**

*O maluwalhating Santa Monica ikaw ay nagpunyagi para sa pagbabalik-loob ng iyong asawa't anak sapagkat hangad mong makapasok sila sa buhay na walang hanggan. Ang Langit ang lagi mong hinahangad at naglakbay ka ng malalayo upang hanapin ang iyong anak, at nagdasal ng mahahabang oras sapagkat nais mong magkasama-sama ang iyong pamilya sa langit. Hindi ka naakit ng makamundong tagumpay nang si Agustin na anak mo ay maging tanyag sa kanyang pagsasalita at karunungan. Nais mong gugulin sa tanang buhay niya ang paghahanda para sa langit at iyan na nga ang kanyang ginawa. Pakinggan mo ang aming pagluhog upang ang diwa ng Langit ang bumalot sa aming buhay. Huwag nawa kaming mabulag ng makamundong tagumpay. Gabayan mo kami kay Hesus at ihanda mo kami sa aming pagtatagpo. Amen*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

**Ikapitong Araw**

*O maluwalhating Santa Monica, sa pag-aalaala ng kanyang mga hakbang sa pagbabalik-loob, si Agustin na anak mo ay hindi malimot ang iyong luha't mga panalangin. Nasaksihan niya ang pagdarasal mo gabi-gabi na hipuin ng Diyos ang puso niya at talikdan ang kanyang mga kasalanan. Ang kanyang pagbabagong buhay ay iyong kagagawan sapagkat kahit ang Diyos ay hindi kayang tiisin ang iyong katapatan at katatagan sa pananalangin para sa kanya. Ngayong ikaw ay nasa Langit, batid naming pinakikinggan ka ni Hesus at hindi Niya kayang talikdan ang iyong mga panalangin. Mamagitan ka sa amin at dinggin ang aming mga pagluhog. Nawa'y magbagong buhay din kami at palitan ang aming mga mali ng tamang gawa. Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

SANTA MONICA DE TONDO

## Ikawalong Araw

*O maluwalhating Santa Monica sinamahan mo si Agustin noong nagsisimula siya at kanyang mga kasama sa buhay monastiko. Ikaw ay nagalak sa buhay ng pananalangin at ika'y labis na natuwa sapagkat alam mong tama ang pinili ng iyong anak. Ninais mong habambuhay na maging malapit kay Hesus sa pananalangin. Kami'y iyong gabayan sa mas malalim na buhay-panalangin at gawing ang panalangin ay ang aming buhay. Ang daan patungo sa buhay na ito ay nagsisimula kung payak ang aming pangangailangan. Ang aming mga puso ay papanatag lamang kapag ang pagnanasa sa makamundong mga bagayay namatay na. Binubuksan nito ang aming mga sarili sa mas malalim na buhay-panalangin na sinimulan mo at ng iyong anak. Ituro mo kami sa daang ito. Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

## Ikasiyam na Araw

*O maluwalhating Santa Monica, sa huling araw ng aming nobena, iniluluhog namin sa iyo ang patungkol sa maraming mga batang ina na hindi pa handa sa pagiging ina. Malaking suliranin sa ngayon ang mga hindi ginustong pagbubuntis. Dahil dito, maraming mga kabataan ang nahinto sa pag-aaral upang harapin ang responsibilidad na ito, na hindi naman nila kaya. Liwanagan po ninyo ang mga kabataan at bigyan mo ng mga guro na magpapaunawa sa kanila na ang pagtatalik nang hindi kasal ay mapanganib at isang kasalanan. Sila nawa'y mamuhay sa kanilang pagiging bata nang hindi nagkakasala at gabayan sa mga kasiyahan ng mga bagay na espiritwal. Amen.*

Pang-araw araw na Panalangin
*(3) Aba, Ginoong Maria*
*(3) Luwalhati*
*Santa Monica, Ipanalangin mo kami!*
Huling Panalangin

---

## Huling Panalangin

*O minamahal na Santa Monica inang banal, salamat po sa mga panalangin mo. Turuan mo kaming magsikap sa pananalangin tulad ng ginawa mo para kay Agustin. Hingin po ninyo sa Diyos na pagpalain ang aming mga magulang na nagturo sa amin at nanalangin para sa amin, at sa aming mga guro na aming gabay sa kabataan. Mamagitan ka sa lahat ng mga ina ngayon upang matuto silang ilapit sa Diyos ang kanilang mga anak. Tulungan mo kaming magpasalamat sa Diyos sapagkat kami ay nakakalimot. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon. Amen.*

---

SANTA MONICA DE TONDO

***Santa Monica Hymn***

Pupurihin ka, patron ng mga ina,
aawitan ka ng buong sigla
tulungan mo kami, O Santa Monica,
bigyan mo ng ginhawa at sa sala'y ipagadya
Santa Monica, Santa Monica, Patron kang bukal ng ligaya
Santa Monica, Santa Monica, ikaw ang aming pag-asa

---

## PANALANGIN KAY SAN AGUSTIN

*O San Agustin, pinili ka nang Amang Lumikha upang maging guro ng pag-ibig, ilaw ng mga mangangaral at mag-aaral, pantas ng Simbahan, haligi ng Santa Iglesia, tagapagtanggol ng pananampalatayang Kristiyano at kalasag laban sa mga kaaway. Hayaan mong matularan ko ang iyong halimbawa ng pagbabalik-loob sa Diyos upang ako rin ay makatamasa ng matuwid na landas tungo sa kaginhawahang walang katapusan upang ang puso ko ay pamahayan ng Banal na Santatlo. Ipanalangin mo ako, patron kong San Agustin, upang ang aking bisyo at mga maling aral na pinaniniwalaan ay aking maituwid sa tulong at awa ni Hesukristo. Tulad ng iyong nasumpungan sa sulat ni San Pablo sa Bagong Tipan, nawa ay "maiwasan kong malugmok sa lusak ng kamunduhan at kalaswaan; at maisuot ko ang damit ng aking Panginoong Hesukristo." Tulungan mo ako, San Agustin, upang manaig sa akin ang karunungan at katalinuhan na biyaya sa akin ng Diyos. Nawa ang mga biyayang ito ay maghatid sa aking buhay nang kabanalan. Papagliwanagan mo ako na umasa sa biyaya ng Espiritu Santo at hindi sa sarili kong kakayahan lamang. San Agustin, ipanalangin mo ako sa Banal na Santatlong Diyos sa aking kahilingan…*

*(Sandaling tumahimik at isipin ang lahat ng mga kahilingan)*

*Idinadalangin ko rin ang lahat ng mga mag-aaral, lalung-lalo na ang lahat ng mga kumukuha ng pagsusulit, na sa tulong mo San Agustin ay mapagpatagumpayan nila ang mga pagsubok na kanilang kinakaharap sa mga katanungang kanilang* dapat sagutin*. Na ang karunungan at katalinuhan na iyo ring tinaglay ay magsilbi nilang instrumento upang sila ay maliwanagan sa anumang Kahaharapin nilang pagsusulit o pagsubok sa buhay. Nawa'y maisabuhay ko ang halimbawa mo, o aking patrong San Agustin, upang ang aking napapagal na puso ay makasumpong ng kapayapaan at magalak sa pag-ibig ng Iisang Diyos. Amen*

*San Agustin, haligi ng lakas ng mga mag-aaral, *ipanalangin mo kami.*
*San Agustin, ilaw ng mga guro, *ipanalangin mo kami.*
*San Agustin, tagapamagitan ng mga kumukuha ng pagsusulit, *ipanalangin mo kami.*
*San Agustin, sisidlan ng Banal na Karunungan, *ipanalangin mo kami.*
*San Agustin, taga-aliw ng mga nababagabag, *ipanalangin mo kami.*

---

SANTA MONICA DE TONDO

# LITANYA: NG MAHAL NA INA NG CONSOLACION, AT NI SAN AGUSTIN AT SANTA MONICA

Panginoon kaawaan mo kami. *Kristo, kaawaan mo kami.*
Panginoon kaawan mo kami, *Kristo kaawaan mo kami.*
Kristo pakingan mo kami, *Kristo pakapakinggan mo kami*
Diyos Ama sa Langit, *Kaawaan mo kami.*
Diyos Anak, Tagapagligtas ng mundo, *Kaawaan mo kami.*
Diyos Espiritu Santo, *Kaawaan mo kami.*
Banal na Santatlo, Isang Diyos, *Kaawaan mo kami.*

**Ipanalangin mo kami.*

*Maria, Ina namin, at Ina ni Hesus. **
*Maria, Ina ng Consolacion, **
*Maria, bukal ng aming pag-asa, **
*Maria, kanlungan ng mga makasalanan, **
*Maria, Talang Gabay ng aming buhay, **
*Maria, bukal ng tagumpay sa aming mga tukso, **
*Maria, na nagdadala sa amin kay Kristo, **
*Maria, na nag-iingat sa amin kaisa ni Kristo, **
*Maria, nagliligtas sa amin sa pamamagitan ni Kristo, **
*Maria, Ina ng Konsolasyon at aming Patron, **
*San Agustin, tagumpay ng Grasya ng Diyos, **
*San Agustin, tapat sa grasya ng Diyos, **
*San Agustin, nagliliwanag sa Dalisay na pag-ibig ng Diyos, **
*San Agustin, puno ng sigasig sa kadakilaan ng Diyos, **
*San Agustin, maningning na tala sa kalangitan ng Simbahan, **
*San Agustin, ubod ng dakila at kababaan, **
*San Agustin, matatag na tagapagtanggol ng Pananampalataya, **
*San Agustin, ang dumaig sa mga heresiya. **
*San Agustin, prinsipe ng mga Obispo at pantas ng Simbahan, **
*Santa Monica, mapitagang ina ni San Agustin, **
*Santa Monica, na ang panalangin ang nagligtas kay Agustin sa kasalanan, **
*Santa Monica, na ang mga panalangin ang naghatid kay Agustin sa Diyos, **
*Santa Monica, ina ng mga banal at huwaran ng lahat na ina, **
*Santa Monica, huwaran ng mga babaeng balo, **
*Santa Monica, matiisin sa pagsubok, **
*Santa Monica, mapagtanggap sa mga pighati, **
*Santa Monica, mapayapa sa kamatayan, **
*Santa Monica, tapat na anak ni Maria, Ina ng Consolacion, **

SANTA MONICA DE TONDO

*Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,*
*Iligtas mo kami.*
*Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,*
*Pakinggan mo kami.*
*Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,*
*Kaawan mo kami.*

*Ipanalangin mo kami, O Santang Ina ng Consolacion,*
*Nang kami'y maging marapat magkamit ng mga pangako ni Kristo.*

*Ipanalangin mo kami, O Amang San Agustin,*
*Nang kami'y maging marapat magkamit ng mga pangako ni Kristo.*

*Ipanalangin mo kami, O inang banal, Santa Monica,*
*Nang kami'y maging marapat magkamit ng mga pangako ni Kristo.*

---

## MANALANGIN TAYO

*O Panginoong Hesukristo, Ama ng Awa at Diyos ng lahat ng kaaliwan, buo mong igawad sa Iyong mga lingkod na, sa masayang pagpaparangal namin sa Banal na Maria, Ina ng Consolacion, kami man ay matulungan nang dahil sa kanyang mga pighati, mapatatag sa aming mga hirap at pagsubok sa buhay, at sa kamatayan, ay magkamit ng hindi malirip na kaaliwan ng Langit_magpasawalang-hanggan. Amen.*

---

## PANALANGIN SA MAHAL NA INA NG CONSOLACION

*Ama naming makapangyarihan at pinagmulan ng lahat ng kabutihan, sa pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria, sinugo mo si Hesukristong Anak Mo bilang Consolacion ng iyong sambayanan. Nawa'y makamit naming ang lahat ng kaaliwan sa tulong ng panalangin ni Maria, ang Ina ng Consolacion.*
*(Banggitin ang tanging kahilingan)*
*Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon at Iyong Anak na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo,*
*iisang Diyos magpasawalang hanggan. Amen.*

*Mahal na Ina ng Consolacion Y Correa,*
*ipanalangin mo kami!*

---

SANTA MONICA DE TONDO


# PANG-ARAW ARAW NA PANALANGIN NG ISANG BABAENG BALO

*O Diyos, Ama, iniaalay ko sa iyo ang nalalabing panahon ko sa mundo na makapaglingkod ng may pag-ibig at makarating sa buhay na walang hanggan. Nawa ang aking asawa ay pagpalain sa kanyang paglalakbay patungo sa kawalang hangganan at bawat isa nawa sa aking pamilya ay maligtas. Espiritu Santo, maging kaaliwan ka sa lahat ng mga balo, lalo na sa mga bagong namatayan. Hesus, aking sinta, tagapagligtas ng aking kaluluwa, kaligayahan ng aking puso, tulungan mo ako. Maria, pitagang balo, Ina ng Simbahan, aking huwaran at tagapamagitan, ipanalangin mo ako. San Jose, tagapagtanggol ni Maria at ng batang Hesus, at katuwang ng mga balo, gabayan mo ako sa mga pagsubok ng buhay, Bilang balo, nawa ako ay maging inang-espiritwal sa bawat makaharap ko ngayon.*

*Lahat kayong mga balong banal, ipanalangin ninyo ako.*
*Santa Monica, patron ng mga balo at ina, ipanalangin mo ako.*

*Ama namin,*
*Aba Ginoong Maria,*
*Luwalhati*

---




*santamonicaparish.weebly.com*
*FB: Santa Monica de Tondo*
*smp.tondo@gmail.com*
*(632)8254-3857*
*(0951)296-3444*


SANTA MONICA DE TONDO